

ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Taon XXXII Blg.9

Setyembre 2002

Editorial

Labanan at biguin ang todong digma ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo!

Nakahanda ang Partido Komunista ng Pilipinas at lahat ng rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan nito na harapin, labanan at biguin ang todong kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimeng Macapagal-Arroyo at ang nakaambang imbing balak ng US na maglunsad ng digmang agresyon sa mga teritoryo ng Demokratikong Gubvernong Bayan.

Buo ang determinasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa na ipagtanggol at isulong ang mga tagumpay na nakamit sa rebolusyonaryong pakikibaka sa lahat ng larangan.

Ang pagdedeklara ni Macapagal-Arroyo ng todong digma laban sa rebolusyonaryong kilusan ay tanda ng mabilis na lumalalang krisis ng naghaharing reaksyunaryong sistema at ng takot niya sa mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Nagsasalita siya nang buong kahambungan, kumikiling nang husto sa mga militaristang patakaran at isinasaisantabi ang usapang pangkapayapaan bunsod ng todong suporta ng imperyalismong US sa AFP at presensya ng mga tropang Amerikano sa loob ng bansa.

Mabibigo ang todong digma ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Ibayo pang susulong at magkakamit ng mas marami at malalaking tagumpay ang



rebolusyonaryong armadong kilusan sa iba't ibang larangan ng pakikibaka.

Dulot ito pangunahin ng malalim na krisis sa ekonomya ng naghaharing sistema; ng maigting na tunggalian ng mga reaksyunaryong pulitiko na nagbubunga ng masidhing instabilidad ng rehimeng at ng laganap na disgusto ng mamamayan. Ang paglulunsad ng todong digma ay tiyak ding magdudulot ng ibayo pang paglala ng krisis bunsod ng pagkaubos ng rekuerso. Inuapat nito ang militar na maging mas walang pakundangan sa paglabag sa mga karapatang-tao na tiyak na mag-uudyok sa mas malawak na galit at paglaban ng mamamayan.

Kinakailangang matalas na suriin at samantalahan ang kalagayang ito at puspusang labanan sa lahat ng larangan upang biguin ang todong digma ng rehimeng Macapagal-Arroyo at ang nakaambang digmang agresyon ng imperyalismong US.

Pagkaisahin ang mamamayang Pilipino sa paglaban sa reaksyunaryong rehimeng Macapagal-Arroyo

at palakasin ang mga pakikibakang masa sa mga sumusunod na isyu:

(a) todo-todong pagpapakatuta sa imperyalismong US laluna sa usaping militar, kabilang ang pagpapahintulot ng permanenteng presensyang militar ng US sa pamamagitan ng magkakasunod na mga Balikatan, ang pagbubuo ng Mutual Logistics Support Agreement, ang pagpapahintulot ng pagpasok ng mga dayuhang tropa sa mga larangan ng digma at ang bulag na pagsunod sa patakaran ng panlabas ng US na lumilikha ng peligrong isangkot ang Pilipinas sa mga digmang inudyok ng US;

(b) mga makadayuhan at anti-mamamayang patakaran tulad ng deregulasyon ng mga industriya ng kuryente at langis na nagdudulot ng ibayong kahirapan sa mamamayan;

ANG BAYAN

NILALAMAN
Taon XXXII Blg. 9 Setyembre 2002

1 Editorial: Biguin ang todong digmang rehimeng US-Macapagal-Arroyo!

3 All-out war ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo
(3) All-out war *laban sa rebolusyon, idineklara ng rehimen; (4) PKP, BHB, ibinilang ng US sa listahan ng mga terorista; (5) Dagdag na ayuda sa AFP, ipinangako ng US; (5) Defense Policy Board, bubuuin; (5) Panggigipit ng US at The Netherlands, binatikos ni Sison; (6) Mga legal na organisasyon target din ng panunupil; (6) Usapang pangkapayapaan, winawakasan na ng rehimen*

6 Guingona, tutol sa doktrina ng panggegera ng US

7 Alitan nina Macapagal-Arroyo at Roco
Pananalanta ng Pasitang estado
(7) *Ilang estadistika; (8) Mga paglabag sa karapatang tao (Mayo-Agosto 2002); (10) Sa Basilan at Zamboanga; (10) Pinsalang hatid ng CARAT*

11 Pagpapalaya sa mga Pilipino sa Malaysia

13 Pang-uupat ni Bush ng gera sa Iraq, umaani ng batikos
(13) *Weapons of mass destruction ng Iraq*

14 Pagmimina sa Mt. Diwalwal

15 Balita

(k) planong pagsusog sa konstitusyon upang burahin ang nalalabing mga probisyong nagbibigay-proteksyon sa pambansang patrimonya at soberanyang pang-ekonomya;

(d) lumalalang militarisasyon at lansakang panunupil tulad ng pagpaslang at pagtortyur, panggigipit at iba pang walang habas na paglabag sa mga karapatang-tao ng mga ordinaryong sibilyan, aktibista at mga nadarakip na mandirigma ng BHB.

(e) ang pagbabasura sa usapang pangkapayapaan na bunga ng lumalalang militarismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Kinakailangang puspusang pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan kaugnay ng mga isyung ito. May partikular na halaga ang pagtataas ng diwa ng militanteng patriyotismo, ng paglalantad sa iba't ibang aspeto ng impreyalistang dominasyon sa Pilipinas at sa pangangailangang patuloy na isulong ang istorikong pakikibaka para sa pambansang paglaya.

May partikular na halaga rin ang paglalantad sa kawalan ng interes ng naghaharing rehimeng na lutasin ang mga ugat ng gera sibil sa pamamagitan ng negosasyong pampulitika at ang iba't ibang maniobrang isinasagawa nito upang isabotahe ang usapang pangkapayapaan. Habang pinaiigting natin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, maaari nating hikayatin ang mga pwersang naghahangad ng tunay, pangmatagalang at makatarungang kapayapaan na igit ang pagpapatuloy ng formal na usapang pangkapayapaan. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng mga napirmahan nang kasunduan at pagrespeto sa dati nang napakaisahang balangkas at adyenda ng negosasyon.

Kinakailangang ipagpatuloy ang pagpapaigting sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Mulat na pagplanuhan at ilunsad ang mga regular at espesyal na taktikal na opensiba na maipagwawagi.

Kailangang ilunsad ang mga ito sa pinakamaraming posibleng lugar upang mapwersang idispers ng kaaway ang mga pasistang tropa at biguin ang pagtatangka nitong magkonsentra ng pwersa sa isang partikular na lugar sa isang partikular na panahon.

Laging subaybayan, pag-aranan at tasahin ang kalagayan at mga kilos ng kaaway upang matukoy ang mahihinang bahagi nito at iba pang target ng mga taktikal na opensiba.

sundan sa "Editorial," pahina 3

Sa utos ng impederalismong US

All-out war laban sa rebolusyon, idineklara ng rehimen

Nagdeklara ang rehimen Macapagal-Arroyo ng todong digma laban sa rebolusyonaryong kilusan nitong Agosto 5 bilang pagsunod sa direktang utos ng impederalismong US.

Sa isang pahayag nitong Agosto 6, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, na ang deklara-syong ito ay idinikta ni US State Sec. Colin Powell nang makipagpu-long ito sa



"Editorial," mula sa pahina 2

Maaaring ibilang sa mga target ng BHB ang mga linya at tore ng kuryente at mga instalasyong pang-telekomunikasyon na magdudulot ng kalkuladong pinsala sa malalaking korporasyong umaapi sa mamamayan habang tinitiyak na walang sibilyang mapipinsala. Maaari itong isagawa laluna sa panahon ng malalaking deployment at konsentrasyon ng mga tropa ng AFP sa ilang lugar. Ang maliliit na pangkat ng kaaway na gagamiting pambantay sa mga instalasyong ito ay bulnerableng mga target ng BHB.

Patuloy na magpakahusay sa pakikidigmang gerilya hindi lamang upang mapreserba ang ating

pwersa, kundi upang makapag-lunsad rin ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway. Mahigpit na makipagtulungan sa masa. Patuloy na isulong ang rebolusyonaryo at buuin at palakasin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Kailangan ding labanan ang panghihimasok ng US at paghandaan ang planong tuwirang armadong interbensyon ng mga imperialistang tropa ng US sa kontra-rebolusyonaryong digma. Kaugnay nito'y kinakailangang palakasin at palawakin ang mga pakikibaka laban sa mga pagsasanay-militar, sa pagpapatibay ng MLSA at sa bulag na pagsasakatuparan ng "digmang kontra-terorismo" ng gubyernong Bush.

Malakanyang noong Agosto 2.

Pilit na ginagamit ni Macapagal-Arroyo ang "kontra-terorismo" bilang tuntungan sa paglulunsad ng todong digma laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa kanyang mga pahayag, baluktot niyang ibinilang sa mga terorista ang mga rebolusyonaryong pwersa, kahanay ng mga kidnaper, ismagler at iba pang mga kriminal na elemento.

Kaugnay nito, iniutos niya ang paglilipat ng libu-libong tropa ng AFP na nanalanta sa Basilan tungo sa mga lugar na pinaghinalaan

sundan sa pahina 4

Mahalaga ring makipagkaisa sa mamamayan ng buong mundo para sa pagwawakas ng armadong interbensyon ng US sa iba't ibang bansa kabilang ang pagbigo sa planong panggegera sa Iraq.

Importante ring makipagkaisa sa mamamayang Amerikano, agresibong ilantad sa kanila ang pagpapahirap sa mamamayang Pilipino ng todong digma ng rehimen Macapagal-Arroyo at ang malawak na pagtutol sa presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa. Ang isang kilusang anti-digmaan sa US na nananawagan para sa pagpapauwi ng mga tropang Amerikano ay makatutulong nang malaki sa pagsisikap na labanan ang digmang agresyon ng US sa bansa. AB

nilang mga territoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Kabilang dito ang ilan sa mga batalyong nakapakat laban sa Abu Sayyaf sa Kanlurang Mindanao na iniutos na ibalik sa Gitna at Hilagang Mindanao.

Pinaplano ngayon ng AFP at PNP na magdagdag ng 7,000 sundalo (14 na batalyon), 5,000 bagong pulis at 15,000 bagong tauhan para sa CAFGU na gagamitin sa pagpapatindihan kontra-rebolusyonaryong digma. Dinagdagan ng P800 milyon ang badyet ng AFP ngayong taon para sa rekrument ng karagdagang mga batalyon.

Hindi na bago ang deklarasyong ito ni Macapagal-Arroyo ng todong digma laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa katunayan, hindi niya inihinto ang *all-out war* ng rehimeng Estrada. “Pagkaupong-

pagkaupo niya sa poder noong Enero 2001,” ani Ka Roger, “palihim nang iniutos ni Macapagal-Arroyo ang malawakang pananalakay ng teroristang AFP at PNP sa mga larangang gerilya.”

“Ilang buwan nang rumaragasa sa mga sonang gerilya ang todotodong kontra-rebolusyonaryong digma ng AFP,” wika ni Ka Roger.

Mula noong ikalawang hati ng 2001, iniutos na ni Macapagal-Arroyo ang malawakang deployment ng AFP sa mga sonang gerilya. Dalawang katlo (2/3) ng kabuuang pwersa ng AFP ay nakatuon ngayon sa kampaña ng panunupil laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Nakadeploy sa Timog Katagalugan ang 19 na batalyon ng AFP at PNP. Ngayong taon, mismong si Macapagal-Arroyo ang nag-utos na ideploy ang siyam na



panagupang batalyon sa isla ng Mindoro.

Bagamat kasabay nito'y muli niyang binuo ang GRP *negotiating panel* noong Mayo 2001 upang makipag-usap sa NDFP, wala naman itong ipinakitang kaser-yosohan ipatupad ang mga nau-nang kasunduan upang pasulungin ang usapan. Katunayan, binuwag rin ito ng rehimeng nitong Marso 2002.

Ayon kay Ka Roger, ang deklarasyon ng *all-out war* ay mahigpit na kaugnay ng layunin ng US na tiyakin ang permanenteng presensya ng mga tropang Amerikano sa bansa at bigyang-daan ang direktang panghahimasok ng mga ito sa kontra-rebolusyonaryong digma. Gagamitin din kaugnay nito ang nakatakdang siyam na buwang pinagsanib na pagsasanay-militar na isasagawa sa mga sonang gerilya simula sa Oktubre. **AB**

PKP, BHB, ibinilang ng US sa listahan ng mga ‘terorista’

INIANUNSYO NI US STATE SEC. COLIN POWELL NITONG Agosto 9 na ibinibilang na nito sa mga itinuturing na Foreign Terrorist Organization (FTO o dayuhang teroristang organisasyon) ang PKP at BHB. Ang hakbanging ito ay bahagi ng paghahanda ng imperyalismong US sa tuwirang panghahimasok sa kontra-rebolusyonaryong digma.

Ibinilang sa mga tinaguriang FTO ang BHB dahil umano sa mahigpit na pagtutol nito sa “anumang presensya ng US” sa Pilipinas at pagpatay sa ilang mamamayang Amerikano sa bansa.

Ayon kay Powell, umaasa siyang ang naturang desisyon ng US ay makahihikayat sa iba pang gub-

aterno na umakson din para ihiwalay ang PKP at BHB, barahan ang pinagmumulan ng pinansya ng mga ito at hadlangan ang kanilang paglalakbay sa iba’t ibang bahagi ng mundo.

Kaugnay nito, magkahiwalay na hiniling ng US at ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa gubyerno ng The Netherlands na ipitin ang mga “pag-aari ng PKP at mga lider nito” sa naturang bansa.

Bilang tugon, inianunsyo ng *foreign ministry* ng The Netherlands nitong Agosto 13 na haharangin nito ang mga deposito ni Ka Jose Ma. Sison at ang mga ari-arian ng NDFP. Nitong Agosto 17, naghayag din ng gayong desisyon ang United Kingdom. **AB**

Dagdag na ayuda sa AFP, ipinangako ng US

NAGING TAMPOK SA PAG-UUSAP NINA Macapagal-Arroyo at US State Sec. Colin Powell nitong Agosto 3 ang karagdagang ayuda ng US sa AFP.

Inihayag ni Powell na naglaan na ang gubyernong US ng \$55 milyon para sa "kontrateroristang" kampanya ng AFP. Mahigit ito nang \$36 milyon sa ayudang militar ng US noong nakaraang taon. Ang \$25 milyon dito ay plano sanang ilaan ng AFP sa pagsasanay ng mga Light Reaction Company na ipapakat laban sa BHB. Subalit nitong Agosto 20, kinaltasan ni US Pres. George Bush nang \$30 milyon ang pangakong suportang militar.

Isandaang milyong dolyar (\$100 milyon) naman ang ayudang ipinangako ni Powell para umano sa pagpabilis ng mga reforma sa pagpapatupad ng batas, sa sistema ng hustisya at sa edukasyon. Ang mga karagdagang suportang ito ay bilang pagkilala umano sa papel ng Pilipinas sa "pandaigdigang kampanya laban sa terorismo".

Bukod rito, sinabi ni Powell na maaaring tumanggap ang Pilipinas ng pondo mula sa Millennium Challenge Account (MCA) ng US. Ang MCA ay programa ng gubyernong Bush na magdaragdag ng 50% sa pondong pang-ayuda ng US sa loob ng susunod na tatlong taon para sa mga bansang maaari umanong pagmulan ng terorismo. Halagang \$1.7 bilyon ang panimulang ilalaan ng MCA sa 2004. **AB**



Defense Policy Board, bubuuin

TUMUNGO SA US SI DEFENSE SEC. ANGELO REYES nitong Agosto 10-20 upang makipag-usap kay US Defense Sec. Donald Rumsfeld kaugnay umano ng "pagpapatibay sa relasyong pandepensa" ng dalawang gubyerno.

Nagkaisa sina Reyes at Rumsfeld na buuin ang Defense Policy Board para magsilbi umanong "bukas na linya ng estratehikong pag-uusap". Ang Defense Policy Board ay magsisilbing lihim na tagapayo ng kalihim ng depensa at ng AFP sa mga usapin ng digma. Ang istruktura at mga tungkulin nito ay ipapadron sa Defense Policy Board ng US na tumatayo ngayong lihim at konspiratoryal na konsehong

pandigma ng gubyernong Bush. Sa pamamagitan nito, pag-iibayuhin ng US ang kontrol sa mga susi at taktikal na usaping militar ng papet na republika.

Bagamat noong una'y pinabulaanan ni Reyes na kabilang sa kanilang adyenda ang Mutual Logistics Support Agreement, inihayag niya nitong Agosto 14 na pinag-usapan nga nila ni Rumsfeld kung paano mapagtibay ang kasunduan nang hindi na idadaan sa ratipikasyon ng Senado. **AB**

Panggigipit ng US at The Netherlands, binatikos ni Sison

HINAMON NI KASAMANG JOSE MA. SISON, SENIOR POLITICAL CONSULTANT NG NDFP *negotiating panel*, ang gubyerno ng The Netherlands na ituloy ang pag-ipit sa kanyang mga deposito sa bangko upang maipakita ang kalupitan nito at ng mga impoyalista.

Ito ang reaksyon niya sa pag-sang-ayon ng The Netherlands sa "kahilingan" ng US na ipitin ang mga pag-aari niya at ng NDFP.

Ani Sison, isa itong malupit na hakbangin dahil ang salapi niya sa bangko ay sapat lamang na ikabuhay. Aniya, ang kanyang salapi ay nanggagaling din sa gubyernong Dutch dahil hindi siya pinahihintulutang maghanapbuhay bilang isang *political refugee*.

Gayunman, ayon pa kay Kasamang Sison, hindi maapektuhan ng panggigipit ang operasyon ng rebolusyonaryong kilusan dahil ito ay umaasa sa sarili at hindi sa suporta mula sa labas ng bansa. Aniya, kalakhan ng pondo ng kilusan ay nagmumula sa mga kontribusyon ng mga magsasaka, manggagawa at iba pang tagasuporta sa Pilipinas. **AB**



Usapang pangkapayapaan, winawakasan na ng rehimen

SA LUBOS NA PAGSANG-AYON NG REHIMEN SA PAGBABANSAG ng US sa PKP at BHB bilang mga terorista, winawakasan na nito sa esensya ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng NDFP.

Ginagamit ito ng rehimen upang umano'y pilitin ang rebolusyonaryong kilusan na paluhod na bumalik sa negosasyon gayong ang rehimen ang nagsuspinde at gumagawa ng kung anu-anong balakid sa usapan.

Malaon nang ipinipilit ng GRP *negotiating panel* na madaliin ang pagbubuo ng isang "pinal na kasunduan" taliwas sa mga nauna nang napagkasunduang balangkas at adyenda ng negosasyon. Patuloy ding tumatanggi ang rehimen na tupdin ang mga responsibilidad nito kaugnay ng mga pirmado nang kasunduan.

Sa halip na pormal na makipag-usap, iginigiit ng rehimen Macapagal-Arroyo ang "walang taning na di-pormal na pag-uusap" upang pagtakpan ang katotohanang tinatalikuran na nito ang negosasyon.

Ayon sa NDFP, nananatili itong bukas na makipag-usap sa kasalukuyang rehimen kung nakahanda itong muling buksan ang pormal na usapang pangkapayapaan. Kung hindi, nakahanda rin ang NDFP na hintayin na lamang ang susunod na rehimen bago muling makipag-usap. **AB**

Mga ligal na organisasyon, target din ng panunupil

SA DEKLARASYON NI MACAPAGAL-ARROYO NG TODONG DIGMA LABAN SA "terorismo", tinukoy din niya bilang target ang mga unyon ng mga militanteng manggagawa na diumano'y mga terorista sa pagawaan.

Ipinahiwatig din niyang magiging target ang mga ligal na organisasyong itinuturing niyang terorista kabilang ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at partidong Bayan Muna.

Sa isang pahayag noong Agosto 12, inihanay ni Macapagal-Arroyo ang mga oportunistang AKBAYAN at SANLAKAS bilang mga "komunista ngunit di terorista" dahil hindi raw naglulunsad ng armadong pakikibaka ang mga

ito. Hindi niya ibinilang sa hanay ang BAYAN at Bayan Muna na di-tuwiran niyang binansagang mga terorista. Ilang buwan nang tinatarget ng matinding panunupil ang dalawang militanteng organisasyon.

Dahil dito, nagpahayag ng pangamba ang mga kinatawan ng Bayan Muna sa kongreso na maaaring ipitin ang kanilang mga pondo. Possible rin anilang patalsikin sila sa kongreso. **AB**

Guingona, tutol sa doktrina ng panggegera ng US



SA ISANG TA-lumpati nitong Agosto 8, binati-kois ni Vice Pres. Teofisto Guingona

ang "first strike policy" ng US na pinangangambahan niyang gagamitin sa panghihimasok sa Pilipinas at panggegera sa iba pang bansa. Ayon kay Guingona, "inilalagay nito sa panganib ang pandaigdigang kapayapaan."

Natatangi ang pusisyon ni Guingona sa hanay ng matataas na upisyal ng mga neokolonya ng US sa buong mundo na pawang kilala bilang mga aktibong tagasuporta ng anumang patakaran ng US. Salungat din ito sa bulag na pagsuporta ni Macapagal-Arroyo sa anumang patakaran ni Pres. George Bush.


Kamakailan ay nagsabi si Bush na "dapat unahan ng US" sa paglulunsad ng mga atake ang mga bansang itinuturing nitong nagtagtaguyod ng terorismo.

Ayon kay Guingona, walang karapatan ang sinuman na gawin ito nang dahil lamang sa taglay nilang kapangyarihan.

Ipinahayag din ni Guingona na ang pagpapatuloy ng Balikatan ay maaaring magsapanganib sa negosasyong pangkapayapaan sa rebolusyonaryong kilusan at Moro Islamic Liberation Front. **AB**

Alitan nina Macapagal-Arroyo at Roco, tumambad sa publiko

Patuloy na binabayo ng inter-nal na bangayan ang mabuway na paghahari ni Gloria Macapagal-Arroyo. Nitong Agosto 13, galit na nag-bitiw si Raul Roco bilang kalihim ng Department of Education (DepEd) matapos ibunyag ng rehimeng midya na pinaiimbestigahan siya ng presidente kaugnay ng mga nakasampang kaso ng korapsyon. Napahiya diumano siya nang isapubliko ito ng rehimeng nang hindi siya inaabusuhan.



Ginamit ni Roco ang pagkakataon upang salagin ang mga batikos sa kanyang pamumuno, sumbatan si Macapagal-Arroyo sa kanyang pamumulitika at ipresenta ang sarili bilang “kagalang-galang” na alternatibo.

Ang mga kaso laban kay Roco ay isinampa ng union ng mga empleyado ng DepEd Central Office sa PAGC noon pang Hulyo 11.

Kabilang sa mga kasong isinampa laban sa kanya ang pagbubulsa sa P15-16 milyong “service fee” buwan-buwan mula Enero hanggang Hulyo 2002; pagpapagawa ng mga poster para sa pansariling propaganda gamit ang pondo ng DepEd; iligal na paghirang ng mga “konsultant”; iligal na pagsisante sa ilang mga upisyal ng DepEd at iligal na pagtatalaga ng isang drayber ng DepEd sa kanyang asawa.

Bago pa man ito, inihayag na ng union sa publiko at sa Malakanyang ang mga hinaing nito. Ngunit mahigit isang taong hindi pinansin ni Macapagal-Arroyo ang mga ito, lalupa’t maysala rin siya sa

sundan sa “Alitan,” pahina 8



Ilang estadistika


Mula Enero 22, 2001 hanggang Hulyo 15, 2002, 1,334 nang kaso ng paglabag sa mga karapatang tao ang naitala. Bumiktila ang mga ito ng 37,164 katao, 1,265 pamilya at 38 komunidad. (*Tingnan ang artikulo sa Hulyo 31, 2002 isyu ng AB.*)

Sa hanay ng mga magsasaka. Mahigit 163,000 pamilya ang nabiktila ng pagpapalit-gamit ng lupa, kanselasyon ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA), Emancipation Patent at Certificate of Land Transfer (CLT); at mga “proyektong pangkaunlaran” gaya ng *cassava project* ni Danding Cojuangco sa Isabela.

Sa hanay ng mga manggingisda. Mahigit 145,000 pamilya ang nabiktila ng mga proyektong *aquaculture* ng rehimeng.

Sa hanay ng mga manggagawa. May naitalang 226 na kaso ng panghaharas, pananakit, pananakot, abusong sekswal, pamumwersa, iligal na pagdakip at detensyon, pagmamanman at iba pang paglabag sa mga karapatang tao ng mga manggagawa. Umabot sa 118 ang bilang ng mararahas na pag-atake sa mga piketlayn.

Sa hanay ng mga pambansang minorya. Siyam napu’t siyam (99) ang nabiktila ng iligal na pagdakip, pagpatay, istrapping, paninira ng gamit, pagkawala, pagpapalayas, harassment, iligal na panghahalughog, pagmamanman at sapilitang paggamit sa mga operasyon, sa 354 na insidente. Bumiktila ito ng 617 pamilya. **AB**



Mga paglabag sa karapatang tao

(Mayo-Agosto 2002)

AGOSTO 18. Pinatay ng mga tropa ng 8th Special Forces Battalion (SFB) na pinamumunuan ni Maj. Alexis Gopico si Amay "Ka Ronson" Espeja, isang Pulang mandirigma, nang kubkubin ng mga sundalo ang mga gerilya sa Sityo Nursery, Barangay Binondo, Baganga, Davao Oriental. Buhay at walang sugat na nadakip si Ka Ronson. Tatlong bata ang napatay sa pagkubkob. Pinagbubugbog din ng mga berdugo at ninakawan ng dalawang *chainsaw*, P9,000 salapi at iba pang ari-arian ang mga residente.

Noong unang linggo ng Agosto, pinagbubugbog naman ng naturang mga sundalo at CAFGU ang 15 lalaking pinaghihinalaang tagasuporta ng BHB sa parehong barangay. Pinaghukay din sila ng mga sundalo ng libingan at binantaang papatayin kung hindi ituturo ang kinaroroonan ng mga gerilya. Inireklamo rin ng mga residente ng kalapit na Barangay Matanog ang pang-aabuso sa kanila ng mga sundalo ng 8th SFB.

AGOSTO 18. Pwersahan at iligal na inaresto ng PNP sa Boac, Marinduque si Ginoong Prestores, tagapangulo ng Pinag-isang Lakas ng Magbubukid sa Quezon, Bise Presidente ng Bayan Muna at masugid na tumutulong sa mga biktima ng Marcopper Mining sa prubinsya. Ipiniliit siya mula 12:30 ng tanghali hanggang alas-10:00 ng gabi nang hindi sinasampaahan ng anumang kaso. Ipinagbabawal ng batas ang pagpipiit nang lampas sa pitong oras nang walang isinasampang kaso.



"Alitan," mula sa pahina 7

parehong mga kalabisan. Nitong buwan na lamang binigyang-atensyon ng rehimeng kaso, matapos lumabas sa sarbey na isinagawa ng Ibon Foundation na tatalunin ni Roco si Macapagal-Arroyo sa pagkapresidente kung isasagawa ngayon ang halalan. Ginamit ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga kaso laban kay Roco upang pwersahin siyang magbitiw, putulin ang kanyang kontrol sa pampublikong pondo at



AGOSTO 15. Marahas na binuwag ng Military Police ang piket ng daan-daang pambansang minorya sa tapat ng Camp Aguinaldo. Nasugatan sa ulo si Benilda Coplangen, 45, nang salagin niya ang batutang ipapalo sana ng mga pulis kay Baket Indena, isang nakatatandang babae mula sa Sagada, Mountain Province.

Ang pagkilos na pinamunuan ng Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas ay inilunsad upang tutulan ang tumitinding militarisasyon sa kanayunan na bumibiktima sa libu-libong mga pambansang minorya at magsasaka sa buong kapuluan.

Sugatan at pasa-pasa rin ang ilan pang naka-tatandang nagsasayaw ng *pattong* (katutubong sayaw sa Kordilyera) nang umatake ang pulisya. Ito ay sina Lakay Longan ng Kalinga, Lakay Simplico Sikuan ng Itogon, Magno Dumas ng Abra, at mga lider ng Cordillera People's Alliance na sina Joseph Torafing Jr. at Windel Bolinget. Naputulan naman ng daliri si Robert Laplana na mula sa Timog Katagalugan.

IKALAWANG LINGGO NG AGOSTO. Pinagsisira ng mga tauhan ni Bayani Fernando, tagapangulo ng Metro Manila Development Authority (MMDA), ang mga pwesto ng mga *sidewalk vendor* sa iba't ibang lugar sa Kamaynilaan. Nagbabanta rin si Fernando na bubuhusan ng gaas ang kanilang mga paninda kung hindi sila titigil sa pagtitinda sa bangketa. Tinawag pa niyang mga parasitiko ang mga nagtitinda na

sundan sa pahina 9


isaisantabi siya bilang nangungunang kalaban sa pulitika sa 2004.

Dahil sa mga pampulitikang maniobra ni Macapagal-Arroyo, nagsisimula na siyang mahiwalay kahit sa loob ng kanyang pangkatin. Inamin ng ilan sa kanyang mga kapartido na mapipilitan silang pumili sa pagitan nina Roco at Macapagal-Arroyo sa eleksyon sa 2004. Hindi malayong iipitin din ni Macapagal-Arroyo ang iba pang potensyal na kakumpetisyon sa loob ng kanyang partido katulad ni Sen. Loren Legarda. **AB**



karapat-dapat lamang umanong gamitan ng dahas upang mapatigil. Ipinagtatanggol ng Malakanyang ang mga aksyon ni Fernando.

AGOSTO 5. Inaresto ng mga tropa ng 4th ID si Zenaida Llesis, 40, buntis at pinaghihinalaang kadre ng PKP matapos ng isang operasyon sa Rocky Village, Pangantukan, Bukidnon. Sinampahan siya ng samutsaring kasong kriminal subalit pinagkakaitan ng karapatang kumuha ng abugado. Bukod rito, kahit dinudugo si Llesis at nanganganib na maagasan, tuluy-tuloy siyang isinailalim sa interogasyon ng militar.



Hindi rin isinaalang-alang ng militar ang pagkakaroon ni Llesis ng *tachycardia*, isang abnormalidad sa puso na nangangailangan ng pahinga.

AGOSTO 5. Iligal na inaresto ng mga tropa ng 74th IB ang tatlong kabataan sa Barangay San Pablo, Catanauan, Quezon. Sina Resty Buen, Rogelio de Roxas at Romeo Resureccion ay pinaratangang mga Pulang mandirigma dahil natagpuan silang kasama ng isang pinaghihinalaang gerilya.

Isa namang anim na taong gulang na batang lalaki ang dinakip ng mga tropa ng 7th ID sa Barangay Sto. Rosario, Masinloc, Zambales pagkatapos ng isang engkwentro sa pagitan ng militar at ng BHB.

AGOSTO 3-4. Dinemolis ng mga gwardya ng Manila Water Works and Sewerage System (MWSS) ang bahay ng 25 pamilyang magsasaka sa Area 4, Sityo Seedling, Barangay Macabud, Rodriguez, Rizal. Tinutukan ng mga gwardya ang mga residente, pinagbubunot ang kanilang mga tanim at pinagnakawan ng bigas at salapi. Kinabukasan, sinunog ang mga bahay ng mahigit 100 residente. Apat na magsasaka pa ang dinakip at pinwersang pumirma sa isang dokumento. Ang erya ay bahagi ng 2,700-ektaryang La Mesa Watershed na inaangkin ng MWSS at ABS-CBN Foundation.

AGOSTO 2. Sampu ang nasugatan nang marahas na harangin at tangkaing idispers ng mga tropa ng Western Police District ang 500 nagpoprotesta sa tapat ng US Embassy kaugnay ng pagbisita ni US State Sec. Colin Powell sa Pilipinas.

HULYO 20-28. Hinaras at sapilitang pinalayas ng mga bayarang maton ng San Roque Power Corp. ang

daan-daang residente ng Sityo Bolangit, Barangay San Felipe, San Nicolas, Pangasinan upang bigyang-daan ang pagkumpleto sa San Roque Multi-Purpose Dam Project. Noong Hulyo 22, pwersahang pinaiwan ng mga maton sa mga residente ang kanilang mga tahanan at ari-arian. Pilit pinasakay sa helikopter ang mga babae at mga bata habang ang mga lalaki ay pinaglakad. Pinilit din silang pumirma sa ilang papeles na nagsasaad ng voluntaryo nilang paglisian sa lugar. Noong Hulyo 28, pinagsusunog ng *demolition team* ang 11 bahay ng mga lumikas. Dahil dito, lumaganap ang takot sa hanay maging ng mamamayan sa mga kalapit-baryo.

HULYO 24. Dinemolis ng Anti-Squatting Team ng Baguio City ang mga bahay ng mahigit 20 pamilya sa Barangay Dontogan. Mahigit 60 pang bahay ang nakatakdang wasakin ayon sa utes ni Mayor Bernardo Vergara, na nagsasabing pawang mga iligal na iskwater ang mga nakatira rito. Ito'y sa kabilang pagkakaroon ng mga residente ng titulo sa lupa. Walang ibang nasilungan ang mga pamilyang nawalan ng bahay kundi ang mga *pine tree* matapos wasakin ang kanilang mga tahanan sa gitna ng malakas na pagbuhos ng ulan.

HULYO 24. Winasak ng *goons* ng Manila Banking Corp. at ng 25 pulis na pinamunuan ni Insp. Jose Costello ng Mabolo Police Station ang bahay ng 27 pamilya sa North Reclamation Area ng Cebu City. Tatayuan ng sangay ng naturang bangko ang 1,640 metro kwadradong lote. Napwersang magtirik ng mga temporaryong silungan ang mga pamilya sa mga lansangan. Ayon pa sa gubyernong lunsod ng Cebu, kailangan pa munang matupad ng mga nawalan ng bahay ang ilang rekitos bago mapagkalooban ng anumang tulong.

HULYO 1. Tatlong demonstrador ang nasaktan nang marahas na idispers ng may 40 pulis ng Region 11 sa pamumuno ni Chief Supt. Eduardo Matillano ang rali sa Tagum City nang dumalaw dito si Macapagal-Arroyo. Karamihan sa 200 demonstrador ay mga babae at bata. Sinaktan sila ng mga pulis at kinumpiskahan ng mga gamit gaya ng *megaphone*, mga bateria at



sundan sa "Mga paglabag," pahina 10



Sa Basilan at Zamboanga

Ang sumusunod ay halaw sa ulat ng International Solidarity Movement (ISM) matapos ang fact-finding mission nito noong Hulyo 24-30 kaugnay ng katatapos na Balikatan 02-1 sa Basilan at Zamboanga.

MARAMING KASO NG PAGLABAG SA KARAPATANG TAO ANG GINAWA NG MGA tropa ng US at AFP na lumahok sa Balikatan 02-1. Pinakatampok na kaso ang pagbaril ng Amerikanong si Reggie Lane kay Buyong-buyong Isnijal na pinaghinalaang myembro ng Abu Sayyaf. Taliwas sa mga ulat ng AFP, walang dalang *warrant of arrest* ang mga sundalong sumalakay nang hatinggabi sa tahanan ng mga Isnijal. Bukod rito, paglabag sa *terms of reference* ng Balikatan ang presensya ng mga tropang Amerikano sa diumano'y operasyong pag-aresto.

Sumusunod ang iba pang kasong naitala ng ISM:

(1) pagdukot at pagsalbeyds sa isang 11 anyos na bata, kasama ang tatlo pang sibilyang pinaghinalaang mga myembro ng Abu Sayyaf;

(2) iligal na pag-aresto sa isang Morong paghihinalang myembro ng Abu Sayyaf;

(3) pagharas, iligal na pagdakip at pagbilanggo sa mga babae at menor de edad. Dahil dito, isang buntis ang naagasan subalit di binigyan ng anumang atensyong medikal; at

(4) iligal na pagdakip at pagbilanggo sa 73 Moro na itinuro

ng mga impormanteng binigyan ng aabot sa P1 milyon pabuya. Hanggang ngayon ay wala pa ring pormal na kasong naisasampa laban sa kanila. Tinotortyur sila upang mapaaaming mga myembro ng Abu Sayyaf.

Magsasampa ng kaso ang ISM laban sa mga sundalong Amerikano na bumaril kay Isnijal. Maglulunsad ito ng kampanya para palayain ang mga inosenteng nakapiit at maglulunsad ng mga kilos-protesta laban sa pananalanta ng US sa buhay at kabuhayan ng mamayang Pilipino. AB

Pinsalang hatid ng CARAT

DALAWANG EKTARYANG PALAYAN ang napinsala sa Barangay Luac-pon South, Sta. Cruz, Zambales nitong Agosto 2 nang lumapag dito ang apat na helikopter ng US Marines na kalahok sa Cooperation Afloat Readiness and Training (CARAT) 2002. Ayon sa mga nakasaksi, lumapag ang mga helikopter matapos magbagsak ng mga bomba sa kalapit na isla ng Potipot. Idinulog ng mga apektadong residente ang kaso sa lokal na gubyerno at sa AFP pero wala silang natanggap na anumang tulong.

Noong unang linggo naman ng Hulyo, winasak ng mga tauhan ng Philippine Air Force ang mga bahay ng mahigit 60 pamilyang Aeta sa Sta. Juliana, Capas, Tarlac. Ang lugar ay isa sa magkakanugnog na baryong bumubuo sa Crow Valley *firing range* na ginagamit sa pagsasanay ng mga sundalong Pilipino at Amerikano. AB

"Mga paglabag," mula sa pahina 9

amplifiers. Ang ilan sa kanila ay iligal na dinakip.

HULYO. Kahit walang ebidensya, isinangkot ng pulisya si Ador Pulido, pinuno ng Bayan Muna sa Gerona, Tarlac at pangulo ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap doon, sa pagpatay sa isang Herman Dugay ng Barangay Tagumbao sa parehong bayan. Si Pulido ay organisador din ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Tarlac. Paulit-ulit siyang inaaresto at ipinipiit ng mga pulis kahit walang malinaw na kaso laban sa kanya.

HUNYO. Paulit-ulit na hinaras ng mga sundalo ng

204th Brigade, sa pangunguna ni Col. Jovito Palparan, si Juvy Magsino, abugada at bise alkalde ng Naujan, Oriental Mindoro. Binalaan si Magsino na siya ay minamanmanan na dahil pinaghinalaan siyang tagasuporta ng BHB.

MAYO 17. Pinagbabaril ng mga tropa ng 15th Special Forces Company at ng PNP sa Barangay Casigaran, Balilihan, Bohol ang tahanan ng 70-taong-gulang na si Cecilia Tambis na pinagpapahingahan ng mga mandirigma ng BHB. Tinakot pa ng mga sundalo na papatayin ang dalawang mandirigma na nadakip nila. AB

Kalupitan sa kamay ng Malaysia at ng rehimeng Macapagal-Arroyo

Habang parang mga hayop na pinatatalisik mula sa Sabah ang libu-libong Pilipino, inutil namang ipinagtatanggol ng Malakanyang ang gubyerno ng Malaysia

Hilos araw-araw na inulan ng protesta ang embahada ng Malaysia simula nang mabunyag ang di makatarungan at makahayop na pagpapalayas sa mga Pilipino at iba pang “iligal na residente” mula sa Sabah. Walang pakundangang nilabag ng mga awtoridad ng Malaysia ang mga karapatang tao ng mga Pilipino roon at ang Internasyunal na Makataong Batas.

Maihalintulad sa ginawa ng pasistang Nazi sa mga Hudyo noong panahon ni Hitler ang walang pakundangang paghakot sa libu-libong mga migranteng manggagawang Pilipino tungo sa mga barko at pagtipon sa kanila sa masisikip na *detention center* na walang sapat na pagkain at tubig. Walang anumang prubisyon para sa mga bata at matatanda. Masahol pa, dumaranas sila ng matinding kalupitan sa kamay ng pulisya at mga upisyal sa *immigration* ng Malaysia. Ang iba sa kanila ay pisikal na sinasaktan para lamang sa katuwaan ng mga pulis.

Dahil dito, 18 nang mga sanggol at bata ang namatay dahil sa init, kawalan ng tubig at malnutrisyon sa loob ng mga *detention center* at mga barkong ginagamit sa pagpapatapon sa kanila sa Pilipinas. Limang nakatatanda na rin ang namatay habang ilang babae naman ang nawala na sa sarili habang nasa detensyon.

Nagpakainutil sa harap ng lahat ng ito ang rehimeng Macapagal-Arroyo. Hindi ito naghandang saluhin ang mga migranteng Pilipino kahit noon pang Enero ipinaabot ng Malaysia sa Pilipinas ang balak nitong deportasyon.

Sa halip na ipagtanggol ang karapatan ng mga pinatalsik na Pilipino, ipinagtanggol pa ng rehimeng di makataong pagtrato sa kanila ng mga awtoridad ng Malaysia. Ipinatutupad lamang daw ng Malaysia ang mga batas nito at wala nang ibang magagawa ang Pilipinas.


Upang pagtakpan ang kainutilan, tinangka pa ni Macapagal-Arroyong gamitin ang kaawayang kalagayan ng mga sinipang Pilipino upang magmukhang “mapagmalasakit”. Personal siyang

pumunta sa daungan sa Tawi-tawi at pinigil ang agad na pagbaba ng mga Pilipino mula sa isang barko upang mabigyan siya ng oportunidad na makunan ng litrato kasama ang mga ito. Para rito ay inantala ang kagyat na atensyon kailangan ng maraming batang may sakit at nagugutom.

Hindi na maiwasan kahit ng mga reaksyunaryong pulitiko na kundenahin ang mga hakbangin ng Malaysia at ang kainutilan ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Tinawag na “henosidyo” nina Vice Pres. Teofisto Guingona at ni Jaime Cardinal Sin ang patakarang deportasyon ng Malaysia. Naglunsad rin ng piket ang Migrante International at Kilusang Mayo Uno sa tapat ng embahada ng Malaysia.

Ang patakarang deportasyon ay bunga ng pag-amendya ng Malaysia sa batas nito kaugnay ng mga iligal na migrante. Ipinasa ang bagong batas noon pang Abril at nagkabisa nitong Agosto 1. Mula Pebrero, umabot na sa 64,000 Pilipinong di dokumentado ang pinatalsik ng Malaysia. Tinatayang mayroon pang 30,000 na nakapiit sa mga *detention center*.

Ang pana-panahong paghihigit sa mga migrante sa iba’t ibang bansa ay karaniwang tunguhin sa panahon ng matitinding krisis. Sa pagbubunton ng sisi sa mga migrante, naililihis ng mga naghaharing uri ang atensyon ng mamamayan sa mga tunay na ugat ng krisis na kinasasadlakan ng kani-kanilang lipunan. **AB**



Pang-uupat ni Bush ng gera sa Iraq, umaani ng batikos

Hindi maituluy-tuloy ni Pres. George W. Bush ng US ang kagaya na pag-atake sa Iraq, isa sa mga bansang itinuturing nitong bahagi ng “axis of evil”. Dulot ng kabi-kabilang batikos, napilitan si Bush na magdeklara nitong Agosto 10 na wala itong “napi pintong planong pandigma”.



Isinasangkalan ng US ang weapons of mass destruction ng Iraq upang bigyang-katwiran ang panibagong digmang agresyon laban dito

Ayon sa US, nararapat salakayin ang Iraq at patalsikin si Pres. Saddam Hussein dahil may kapasidad umano itong gumamit ng *weapons of mass destruction*, katulad ng mga sandatang kemikal at *biological*. Malamang umanong gamitin ito ng Iraq laban sa mga interes ng US.

Sa kabilang ito ng upisyal na ulat ng pinakahuling mga tagasiyasat ng United Nations (UN) na pumasok sa Iraq noong 1998 na “kalitatibo nang naibaba” ang gayong kapasidad ng Iraq. Ipinilit ng US ang pagpasok ng *weapons inspectors* ng UN sa Iraq noon upang magsagawa umano ng pagsisiyasat at mga rekomendasyon para sa pagkontrol ng naturang kapasidad. Ginamit ito ng US upang maniktik sa pandigmang arsenal ng Iraq. Iniatras ng US ang mga inspektor bilang paghahanda sa kamppanyang pambobomba sa Iraq noong 1998.

Paulit-ulit na iginigiit ng US na hindi handa at walang intensyon ang Iraq na tumalima sa mga internasyunal na pamantayan at sa mga resolusyon ng UN Security Council. Ngunit nitong Agosto 6, tinanggihan ng US at ng UN Security Council ang imbitasyon ng Iraq para sa panibagong serye ng *weapons inspection*. Minaliit din ng US ang ipinahayag na kagustuhan ni Saddam Hussein na tumanggap ng delegasyon mula sa kongreso ng US at sinumang mga ekspertong dadalhin nito upang magsagawa ng sariling pagsisiyasat. Dahil dito, tuluyan nang isinara ng Iraq ang pintuan para sa negosasyon. **AB**

Gayunpaman, hindi tumitigil ang pang-uupat at pagpopostura ng mga militarista sa kanyang gabinete—ang paksyong pinakamalapit sa kanya at nagtagatugoyod ng kanyang mga patakaran. Hindi rin nito iniaatras ang posibilidad ng paglulunsad ng US ng digmang agresyon laban sa Iraq sa hinaharap.

Walang maibigay na sapat na dahilan ang US upang digmain ang Iraq. Noong 1991, ginamit ng US ang pagsalakay ng Iraq sa Kuwait upang bigyang-katwiran ang inilunsad nitong digma. Ngayon, kung anu-ano nang dahilan ang inimbento ni Bush at mga kapwa militarista upang bigyang-katwiran ang binabalak na panibagong pagsalakay sa Iraq. Nariyan ang pagsasabing gumagawa at nagparami ang Iraq ng *weapons of mass destruction* (mga armas na may kakayahang pumuksa ng malaking bilang ng tao), ang “demonyong” katauhan ni Pres. Saddam Hussein ng Iraq at ang paulit-ulit na pag-uugnay ng Iraq sa al Qaida. Nitong huli, pinalalaganap ng militar ng US ang balitang itinatago at kinakanlong umano ng Iraq ang ilang myembro ng al Qaida.

Sa harap nito, patuloy na tumatangging magbigay ng suporta ang pinakamahahalagang alyado ng US sa Middle East. Tumatanggi ang Saudi Arabia na gamitin ng US ang kanilang lupain bilang lunsaran ng digma. Mas aktibo naman ang Jordan sa paghimok ng pagtutol sa mga planong militar ng US.

Gayundin, umaalma ang mga alyado nito sa Europe. Pinaka-maingay si Chancellor Gerard Schroeder ng Germany. Direktang nagbabala si Schroeder na wawasakin ng mga planong pandigma

ng US ang internasyunal na koalisyon “kontra-terorismo” at magdudulot lamang ito ng walang kapantay na kaguluhan sa Middle East. Hindi man maingay si Prime Minister Tony Blair ng United Kingdom na siyang pinakatapat na tagasunod ni Bush, hindi nito maiwasan ang pagbatikos at presyur mula sa sariling parlamento. Sa loob mismo ng US,

Sa loob mismo ng US, hindi sumasang-ayon ang ilang mga mambabatas sa kongreso at senado at maging ang ilang mga tauhan sa loob ng gabineteng Bush.

hindi sumasang-ayon ang ilang mga mambabatas sa kongreso at senado at maging ang ilang mga tauhan sa loob ng gabineteng Bush. Binabatikos at tinututulan rin ito ng United Nations.

Ang lahat ng direkta at di direktang banta ng US ay matatag na hinaharap ng Iraq. Tinitiyak ng mamamayang Iraqi na puspusan nilang lalabanan ang digmang agresyon ng US at tiyak itong mabibigo, katulad ng pagkabigo ng Operation Desert Storm noong 1991. Ayon kay Saddam Hussein, kung sasalakayin ng US ang Iraq, “papasanin ng mga pwersa ng kasamaan ang kanilang mga kabaong tungo sa kahiya-hiyang kabiguan.” **AB**

Pagmimina sa Mt. Diwalwal kinontrol na ng Malakanyang

Pormal na kinontrol ng gubyerno noong Agosto ang pagmimina sa 8,100 ektaryang “Diwalwal Gold Rush Area” sa Monkayo, Compostela Valley. Nasa Mt. Diwalwal ang isa sa pinakamayayamang deposito ng ginto sa bansa kaya malaon na itong pinag-aagawan ng mga lokal na kumpanya sa pagmimina at mga burukrata kapitalista. Sa ngayon ay may 20,000 kataong nakatira sa loob ng humigit-kumulang 700-ektaryang *mines and settlement site* sa loob ng “Diwalwal Gold Rush Area.”

Sa pormal na pag-atas ng pambansang gubyerno sa Department of Environment and Natural Resources na kontrolin ang pagmimina sa Diwalwal, mahahawakan na ng Malakanyang at mga alipures nito ang lahat ng rekursong lugar. Kasabay nito, iniutos na rin ng AFP ang pagpapakat ng dagdag na mga tropang militar sa Mt. Diwalwal. Ang pagmonopolisa na ngayon ng Malakanyang sa rekursong milyun-milyong kita mula sa Diwalwal ay bahagi ng paghahanda ni Macapagal-Arroyo para sa eleksyong presidensyal sa 2004.

Inilabas ng Malakanyang ang kautusan matapos umigting ang karahasan sa lugar bunga ng matinding alitan sa pagitan ng dalawang burukrata na nagmamay-ari sa pinakamalalaking lokal na kumpanya sa pagmimina. Ito'y sina Rey Chiong Uy (may-ari ng Blucor Mineral Corp. at Bullex Mining Corp., at dating meyor ng Tagum City) at Joel Brillantes (may-ari ng JB Mining Management Corp. at kasalukuyang meyor ng Monkayo). Bukod sa kanila, may ilampung libo pang maliliit na minero ang naggigiit ng kanilang karapatang maghanap-buhay sa Diwalwal at ginigipit

din ng malalaking kumpanya sa pagmimina. Tinatayang mahigit 60 katao na ang pinaslang kaugnay ng gulo sa Diwalwal.

Nitong Hulyo lamang, dalawang tauhan ni Brillantes ang pinatay ng armadong kalalakihang pinaghinalaan goons ni Uy. Nasundan ito ng ganting pagpatay sa isa namang upisyal ng karibal na Blucor Mineral Corp., sa atas naman ni Brillantes. Si Brillantes din ang pinaniniwalaang pasimuno ng pagpapausok sa mga *tunnel* na hinukay ng maliliit na minero noong Hulyo. Ikinamatay ito ni Roberto Zamora, isang minero, at naging sanhi rin ng pagkakaospital ng mahigit 20 iba pa. Gamit ang isang *armored personnel carrier*, marahas na sinalakay ng militar ang hanay ng maliliit na minerong nagbarikada sa Tagmanok Bridge sa Mawab noong Agosto 10. Iginigiit ng mga galit na minero na imbestigahan ang pagkamatay ni Zamora.

Sina Uy at Brillantes din, kasama ng iba pang upisyal ng minahan at ng militar, ang salarin sa pagdukot, pagtortyur at pagmasaker kina Godofredo Guimbaolibot (isang cadre ng Partido sa Timog Mindanao) at tatlong iba pa, sa Mawab, Compostela Valley noong Agosto 1999. **AB**

MATATAGUMPAY NA TAKTIKAL NA OPENSIBA NG BHB, INILUNSAD NGAYONG AGOSTO

ANIM na magkakahiwalay na taktil na opensiba ang matagumpay na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ngayong Agosto.

Sa Negros Oriental, dalawang pulis ang napatay, kabilang ang isang upisyal, nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Basak, Guihulngan noong hapon ng Agosto 27. Ang namatay na upisyal ay si Senior Insp. Leopito Gallego, hepe ng PNP sa bayan ng Vallehermoso.

Samantala, nagkasagupa naman ang mga tropa ng 66th IB at ng PNP na ipinadala sana bilang *reinforcement*. Napatay sa *mis-encounter* si Senior Insp. Remil Vizcaya, hepe ng Guigulngan PNP, at dalawa pa niyang tauhan.

Sa Cebu, apat na elemento ng PNP 3rd Regional Mobile Group na sakay ng isang dyip ang inambus noong Agosto 15 sa Sogod. Tatlo

sa kanila, kabilang si Insp. Richard Caballero, *acting commander* ng kumpanya, ang malubhang nasugatan sa labanan. Nakasamsam ang BHB ng isang M16 at isang 9 mm. Ang ambus ay inilunsad isang kilometro lamang mula sa kanilang detatsment.

Sa North Cotabato, isang sundalo ng 12th Special Forces Company ng Philippine Army at isang elemento ng CAFGU ang napatay nang ambusin sila ng BHB noong Agosto 13 sa Barangay Batasan, Makilala. Tatlo pang elemento ng CAFGU ang nasugatan sa labanan.

Sa Kalinga, tatlong pulis, kabilang ang isang upisyal, ang napatay nang tambangan sila sa Barangay Tangan, Payok noong Agosto 7. Namatay sa ambus si Senior Supt. Nestor Miranda samantalang agaw-buhay si Supt. Antonio Bumiran. Ang mga pulis ay

pawang nakatalaga sa PNP Special Action Force sa Kordilyera.

Sa Pampanga, naagaw ng mga mandirigma ng BHB ang inisyatiba nang makaengkwentro nila ang nagpapatrulyang mga sundalo ng 69th IB noong umaga ng Agosto 16 sa Sityo Labak, Barangay Cauayan, Mexico. Namatay sa 30 minutong sagupaan ang isang sарhento at isang ahenteng sibilyan. Ligtas na nakaatras ang mga gerilya.

Sa Davao del Norte, pinarusahan ng BHB ang kumpanyang DOLE-Stanfilco dahil sa pagtanggi nitong magbayad ng rebolusyonaryong buwis. Noong Agosto 2, sinunog ng BHB ang *packing plant* ng DOLE-Stanfilco sa Barangay Manay, Panabo. Ang DOLE-Stanfilco, na may malalaking plantasyon ng saging sa prubinsya, ay subsidiaryo ng dambuhalang Amerikanong kumpanyang Dole Food Company.

**MAPANGWASAK NA MGA PROYEKTO, TINULIGSA NG MGA DUMAGAT**

AABOT sa 500 Dumagat ang nagprotesta sa Lucena City noong Agosto 1 laban sa mga proyektong mapangwasak sa kalikasan at sa kanilang mga lupang ninuno.

Tinuligsa ng mga Dumagat na kabilang sa Bigkis at Lakas ng Katutubo sa Timog Katagalugan (Balatik) ang malawakang pagtotroso ng Green Square Properties Corp. sa Gen. Nakar, Quezon at Dingalan, Aurora; ang Kaliwa-Kanan Dam at *hydro-electric project* ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System sa Gen. Nakar; at ang Laiban Dam at mga proyektong pabahay sa Tanay, Rizal.

**PAG-ABSWELTO KINA MATHAY AT ABALOS, BINATIKOS**

DAAN-DAANG residente ng Payatas, Quezon City ang nagpiket sa tapat ng upisina ng Sandiganbayan noong Agosto 9 para batikusin ang pag-abswelto nito kina dating Mayor Ismael Mathay Jr., dating MMDA Chairman Benjamin Abalos at iba pang upisyal ng gubyerno. Sina Mathay ay kinasuhan kaugnay ng pagkamatay ng mahigit 50 katao nang gumuho ang tone-toneladang basura sa kanilang komunidad noong Hulyo 2000.

Ang kilos-protesta ay pinangunahan ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap at ng July 10 Payatas Victims Organization.

MGA SINISANTENG MANGGAGAWA, NAGWELGA SA CAVITE

NAGPIKET noong Agosto 12 ang 26 na sinisanteng manggagawa ng Sanno Philippines Manufacturing Co., isang kumpanyang Hapones sa Gen. Trias, Cavite.


Ang mga manggagawang inakusahan ng paginanakaw ay hindi

pinabalik sa trabaho sa kabilang pagbasura ng korte sa kasong isinampa laban sa kanila. Tinanggal sila sa tangka ng kumpanya na wasakin ang kanilang unyon. May 130 mga pari, madre at seminarista na sumuporta sa naturang piket.

BADYET PARA SA 2003, TUTUSTUSAN NG UTANG

SA kabilang lumalalang pambansang depisit, malaking bahagi ng panukalang P804 bilyong badyet para sa 2003 ay tutustusan ng utang. Balak ng gubyernong umutang ng P136.6 bilyon, mas malaki nang 20% sa target nitong P113.5 bilyon ngayong taon. Target sana ng gubyerno na huwag lumampas sa P130 bilyon ang depisit sa badyet

ngayong taon, subalit sa loob pa lamang ng pitong buwan ay umabot na rito ang depisit. Tinatayang aabot ito sa P163 bilyon ngayong 2002. Dahil sa mga binabalak na dagdag na gastusin, maaaring umabot sa P155 bilyon ang aktwal na depisit sa 2003.



PRESYO NG LANGIS, MULING ITINAAS

SABAY-SABAY na nagpataw ng 30 sentimong dagdag sa presyo ng langis noong Agosto 11 ang Petron, Shell at Caltex. Sumunod

ang iba pang kumpanya tulad ng Total at Eastern Petroleum.

Sinalubong ito ng batikos at protesta.

3 UPISYAL-MILITAR, KASABWAT NG ABU SAYYAF

INIREKOMENDA ng Senado na litisin sa korteng militar ang tatlong matataas na upisyal ng AFP sa kasong pakikipagsabwanan sa Abu Sayyaf. Kaugnay ito ng kahinalang pagtakas ng mga bandido noong Hunyo 2001 sa Lamitan, Basilan. Ayon sa imbestigasyon ng Senado, nakatakas ang mga bandido sa kabilang presensya ng militar dahil nakipagsabwanan sa kanila ang mga upisyal na namumuno sa operasyon.

Ang tatlo ay sina Maj. Gen. Romeo Dominguez, kumander noon ng 1st ID at Task Force Comet; Col. Juvenal Narcise, noo'y hepe ng 103rd IBde; at Maj. Eliseo Campued, noo'y hepe ng 18th IB.

Samantala, iginiiit ni Sen. Gregorio Honasan na dapat ding litisin kaugnay nito sina Defense Sec. Angelo Reyes at Gen. Diomedio Villanueva na noo'y hepe ng AFP.

RAMOS, IIMBESTIGAHAN NG SENADO

IIMBESTIGAHAN ng Senado si dating presidente Fidel Ramos kaugnay ng pagpasok ng gubyerno sa maanomalyang mga kontrata sa mga *independent power producer* (IPP) noong nasa poder pa siya. Alinsunod sa mga kontrata, obligado ang National Power Corp. na bayaran ang kapasidad ng mga IPP lumikha man ito ng kuryente o hindi.

Mahigit kalahati ng 48 kontrata sa IPP ay inaprubahan noong panahon ni Ramos. Kapalit nito ay tumabo siya at ang kanyang mga alipures ng milyun-milyong dolyar na komisyon at dagdag na mga kontrata.

Upang ilayo sa kanya ang atensyon ng publiko, inilantad ni Ramos ang panunuhol ng mga Lopez at iba pang negosyante sa Kongreso noong isang taon para maipasa ang Electric Power Industry Reform Act.

LACSON, KINASUHAN NG NBI

KINASUHAN ng National Bureau of Investigation (NBI) ng *perjury* (pagsisinungaling sa sinumpaang salaysay) si Sen. Panfilo Lacson noong Agosto 16 kaugnay ng mga lihim na mga *bank account* nito sa US. Ayon sa NBI, ang mga ito ay may kabuuang halagang \$1.37 milyon (humigit-kumulang P52.7 milyon).

Hindi isinama ni Lacson sa kanyang *statement of assets and liabilities* ang tunay na halaga ng kanyang mga ari-arian sa nakaraang limang taon.

TAGAPANGULO NG BIR, NAGBITIW SA PWESTO

NITONG Agosto 20, nagbitiw si Rene Bañez bilang pinuno ng Bureau of Internal Revenue (BIR). Isinisisi sa kanya ang mababang koleksyon ng buwis nitong nakaraang mga buwan na siya umanong pangunahing dahilan ng paglobo ng depisit sa pambansang badyet. Isinisisi naman ito ni Bañez sa ilang upisyal na sadya raw naglimita sa koleksyon para sa taong ito.

Matagal na ang alitan nina Bañez at ng mga empleyado ng BIR. Pangunahing tinututulan ng mga empleyado ang balak na “reforma” ni Bañez na nakasaad sa panukalang Internal Revenue Management Authority (IRMA) na ipapalit sa BIR. Ang IRMA

ay patatakbuhan kapwa ng gubyerno at pribadong sektor. Ang mamumuno rito ay bibigyan ng malawak na kapangyarihang kumuha at magtanggal ng mga kawani at magbigay ng mga insentibo ayon sa rekord ng isang kawani. Iginigiit ng mga empleyado na gagamitin lamang ni Bañez ang IRMA upang ipagkait ang kanilang karapatan sa seguridad sa trabaho at sipain sa serbisyo ang 6,000 kawani sa ngalan ng “paglilinis ng burukrasya”. Nangangamba ang mga empleyado na hindi igagalang ni Bañez kahit ang kanilang mga karapatan sa karampatang kompensasyon at mga benepisyo sa pagreretiro.

GUBYERNONG U.S., IDINEMANDA

NAGSAMPA noong Agosto ng *class suit* laban sa gubyernong US ang mga Amerikanong nakulong sa mga *concentration camp* ng mga pasistang pwersang Hapones sa Pilipinas noong 1941-45. Isinampa ang kasu nang matuklasang sadyang hindi nag-isyu ng mga pasaporte at iba pang dokumento

ang US noong 1941-43 upang hindi makaalis ang may 12,000 Amerikanong sibilyan na noo'y nakatira sa Pilipinas. Ginamit ng US bilang tuntungan sa desisyon nitong digmain ang Japan ang inasahang pang-aabuso ng mga Hapones sa naturang mga sibilyan.

**KASO LABAN SA EXXON MOBIL, IPINABABASURA NG U.S.**

TINATANGKA ng US Department of State na ipabasura ang demanda ng 11 indibidwal mula sa prubinsya ng Aceh sa Indonesia laban sa Exxon Mobil, isang higanteng Amerikanong kumpanya ng langis.

Ayon sa mga nagsampa ng demanda, pinondohan at inatasan ng Exxon Mobil ang mga pwersang militar ng Indonesia na magsagawa ng mga pamamaslang, panonortyur at panggagahasa laban sa mamamayan ng Aceh noong dekada 1990 upang protektahan ang operasyon ng kumpanya sa prubinsya. Ang Exxon Mobil ay nagmimina ng *natural gas* sa Aceh.

Ayon sa US State Department, makasasama sa interes ng US at sa “kampanya laban sa terorismo” kung itutuloy ang kasu.

PABATID

Ang mga mambabasa ng *AB* ay inaanayahan ang mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentario at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasang maaaring ilathala.

Inilalabas ang *AB* sa limang mayor na wika sa Pilipinas—Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Waray, bukod pa sa Ingles.

Magpadala ng blangkong email sa *address* ng edisyon nais ninyong tanggapin:

angbayan_updates_pilipino-subscribe@yahooroups.com
angbayan_updates_bisaya-subscribe@yahooroups.com
angbayan_updates_english-subscribe@yahooroups.com
angbayan_updates_hiligaynon-subscribe@yahooroups.com
angbayan_updates_iloko-subscribe@yahooroups.com
angbayan_updates_waray-subscribe@yahooroups.com

Ang mga edisyon ng *AB*, mga pahayag ng Kawanihan sa Impormasyon ng Partido at iba pang rebolusyonaryong babasahin ay maaari na ring makuha sa www.prwc.netfirms.com.